SAN FRANCISCO UNIFIED SCHOOL DISTRICT
FORM PARA SA WILLIAMS COMPLAINT

Mga Instruksiyon: Lumikha ang Kodigo sa Edukasyon ng California ng mga patakaran sa paghahain ng mga reklamo ukol sa mga pagkukulang na kaugnay ng mga materyal sa pagtuturo, kondisyon ng mga pasilidad na hindi pinananatili sa malinis o ligtas na paraan o sa maayos na kondisyon, bakanteng posisyon ng guro o maling pagtatalaga sa guro. Mga pampublikong dokumento ang reklamo at pagtugon ayon sa itinatakda ng batas. Puwedeng maghain ng mga reklamo nang hindi ibinibigay ang pangalan. Gayon pa man, kung gusto ninyong makatanggap ng sagot sa inyong reklamo, kailangan niyong ibigay ang impormasyon sa pagkontak na nasa ibaba.

Humihiling ba ng pagtugon? ☐ Oo ☐ Hindi

Impormasyon sa Pagkontak: (kung humihiling ng sagot)
Pangalan: _____
Address: _____
Numero ng telepono: Araw: _____ Gabi: _____
E-mail address, kung mayroon: _____

(Mga) petsa na naobserbahan ang problema: _____

Impormasyon Tungkol sa Paaralan (lugar ng problema na siyang paksa ng reklamong ito):
Pangalan ng paaralan/address: _____
Titulo ng kurso/grado at pangalan ng guro: _____
Numero ng kuwarto/pangalan ng kuwarto/lokasyon ng pasilidad: _____

Mga Problemang Williams: Ang mga sumusunod na problema lamang ang puwedeng maging paksa ng proseso para sa reklamong Williams Kung gusto ninyong magreklamo tungkol sa isang problema na hindi natukoy sa ibaba, pakikontak ang paaralan o distrito para sa naaangkop na proseso ng pagrereklamo ng distrito.

Espesipikong (mga) problema ng reklamo. (Paki-check ang lahat ng naaangkop. Puwedeng maglaman ang reklamo ng mahigit sa isang ibinibintang na problema.)

1. Mga teksbuk at materyal sa pagtuturo: (Kodigo sa Edukasyon 35186; 5 CCR 4681)

   ☐ Ang isang estudyante, kasama na ang isang mag-aaral ng Ingles (English learner) ay walang mga teksbuk o mga materyal sa pagtuturo na naaayon sa mga pamantayan (standards-aligned), o mga teksbuk o iba pang kinakailangang materyal sa pagtuturo na ginagamit na ng estado o distrito, at nang magamit ang mga ito sa klase.

   ☐ Ang isang estudyante ay walang akses sa mga teksbuk o mga gamit sa pagtuturo para magamit ang mga ito sa bahay o sa after school. Hindi kinakailangang magkaroon ng dalawang set ng mga teksbuk o gamit sa pagtuturo para sa bawat estudyante.

   ☐ Nasa hindi maganda o hindi na magamit na kondisyon ang mga teksbuk at gamit sa pagtuturo, may nawawalang mga pahina, o hindi mabasa dahil sa pagkakasira.

   ☐ Binigyan ang isang mga mag-aaral ng mga pinakopyang papel na mula lamang sa isang bahagi ng teksbuk o mga gamit sa pagtuturo para matugunan ang kakulangan sa teksbuk o mga gamit sa pagtuturo.

2. Bakanteng posisyon para sa guro o maling pagbibigay ng asignatura: (Kodigo sa Edukasyon 35186; 5 CCR 4682)

   ☐ Nagsimula na ang semestre at may bakanteng posisyon pa rin para sa gura. Ang bakanteng posisyon para sa guro ay isang posisyon kung saan walang iisang naitalaga na sertipikadong empleyado sa pagsisimula ng akademikong taon para sa kabuuan ng taon, o kung ang posisyon ay para sa isang kurso na para sa iisang semestre, isang posisyon kung saan may iisang naitalaga na sertipikadong empleyado ang hindi pa natatalaga sa pagsisimula ng semestre para sa kabuuan ng semestre.

   ☐ Isang guro na kulang ng mga kredensiyal o pagsasanay para magturo sa mga mag-aaral ng Ingles ay itinalaga para magturo ng klase

kung saan mga mag-aaral ng Ingles ang mahigit sa 20 porsiyente ng nasa klase.

☐ Itinalaga ang isang guro na magturo ng klase kung saan kulang sa kakayahan sa asignatura ang guro.

3. Mga kondisyon ng mga pasilidad : (Education Code 17592.72, 35186, 35292.5; 5 CCR 4683)

☐ May kondisyon kung saan may pang-emergensi o agad na pagbabanta sa kalusugan o kaligtasan ng mga estudyante o kawani, kasama na ang mga pagsingaw ng gas; hindi gumaganang pagpapainit o heating, bentilasyon, sprinklers para sa apoy o mga sistema ng air-conditioning; pagkawala ng koryente; malaking sagabal sa pagdaloy ng sewer line o alkantarilya; malaking problema sa paglaganap ng peste o daga; mga sirang bintana o panlabas na pintuan o mga tarangkahan na hindi nakakandado at nagdudulot ng panganib sa kaligtasan, pagkahulaw o abatement ng mga mapanganib na materyal na hindi nadiskubre noon pa man, at nagdudulot ng agad na banta sa mga estudyante at kawani, pinsala sa mga istruktura na lumilikha ng kondisyong mapanganib at hindi ligtas gamitin; o anumang iba pang kondisyon na inaakalang naangkop ng distrito.

☐ Banyo ng paaralan na hindi regular na nililinis o pinapanatili sa maayos na kondisyon, hindi lubusang nagagamit, o hindi nilalagyan sa lahat ng panahon ng toilet paper, sabon, o paper towel o nagagamit na hand dryer.

☐ Hindi pinananatili ng paaralan na bukas ang lahat ng banyo sa mga oras ng pagpasok kung saan wala sa klase ang mga estudyante, at hindi nito pinananatiling bukas ang sapat na bilang ng mga banyo sa mga oras ng pagpasok kapag nasa klase ang mga estudyante. Hindi ipinatutupad ito kapag kinakailangang pansamantala na isara ang banyo para sa kaligtasan ng mga estudyante o kung kailangang gumawa ng mga pagkukumpuni.

Pakilarawan nang detalyado ang problema sa inyong reklamo. Puwede kayong magkabit ng mga karagdagang papel at maglagay ng gaano man karaming tekstong kinakailangan para lubusang mailarawan ang sitwasyon. Para sa mga reklamo tungkol sa mga kondisyon ng mga pasilidad, pakilarawan ang kondisyong pang-emergency o para sa agad na aksiyon, at kung paano nagbabanta ang kondisyon na iyon sa kalusugan o kaligtasan ng mga mag-aaral o kawani.

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

Pakihain ang reklamong ito sa **Prinsipal ng Paaralan** o sa **Opisina para sa Pagkakapantay-pantay (Office of Equity)** (555 Franklin Street, Room 306, San Francisco, CA 94102, T: (415) 355-7334, F: (415) 355-7333, Email: equity@sfusd.edu)

Pakilagay ang pirma sa ibaba. Kung ayaw ninyong ipaalam ang inyong pangalan, hindi kailangan ng pirma. Gayon pa man, kailangang may petsa ang lahat ng mga reklamo, kahit na ang mga walang pangalan..

_____ _____
(Pirma) (Petsa)